VDH VIRGINIA DEPARTMENT OF HEALTH
To protect the health and promote the well-being of all people in Virginia.

Website ng VDH TB

Maagang Pang-iwas na Paggamot Pagkatapos ng Pagkakalantad sa Tuberkulosis

Ano ang dapat malaman ng mga magulang

Ang mga batang wala pang 5 taong gulang ay lubhang nanganganib na mabilis na magkaroon ng malulubhang uri ng sakit na TB pagkatapos ng impeksiyon

Maaaring mapigilan ng maagang pang-iwas na paggamot ang maagang impeksiyon at pagprogreso sa sakit

Kabilang sa mga sintomas ng sakit na TB sa mga bata ang:

- Ubo
- Pakiramdam na may sakit o panghihina
- Pananamlay
- Kawalan ng hilig na maglaro
- Pagbabawas ng timbang o kakulangan sa angkop na pagtaba
- Pamamawis sa gabi

Paano ko matutulungan ang aking anak na inumin ang isoniazid?

- Maaaring durugin at tunawin ang mga pill
- Nakakatulong ang pagpapainom ng mga pill bago matulog sa pag-iwas na magkaroon ng anumang sakit sa tiyan
- Ihalo ang mga dinurog na pill sa kaunting pagkain na gusto ng iyong anak tulad ng:

Minasang Saging

Apple Sauce

Pudding

Yogurt

Anong dapat mangyari bago magsimula ang aking anak sa maagang pang-iwas na paggamot?

Bago magsimula ang iyong anak sa maagang pang-iwas na paggamot, magkakaroon siya ng pagsusuri ng sintomas, pisikal na eksaminasyon, x-ray ng dibdib, at pagsusuri ng balat (skin test) o dugo para sa impeksiyon ng TB.

Bakit inirerekomenda ang mga gamot kung negatibo ang pagsusuri sa TB ng aking anak?

Maaaring matagal ang abutin bago maging positibo ang pagsusuri sa TB pagkatapos na malantad ang bata rito. Ang paggamot, na tinatawag na maagang pang-iwas na paggamot, ay pumoprotekta sa iyong anak hanggang tiyak na malaman na siya ay nagkaroon ng impeksiyon. Mas malamang na mabilis magprogreso sa mga mas malubhang uri ng sakit na TB sa maliliit na bata, kung kaya't napakahalagang maaga silang maprotektahan.

Bakit kailangan ng isa pang pagsusuri sa TB ng aking anak pagkatapos ng 8-10 linggo?

Sa loob ng 8-10 linggo, magkakaroon na ng panahon ang katawan ng iyong anak na magkaroon ng reaksiyon kung siya ay nagkaroon ng impeksiyon ng TB. Ipapaalam sa atin ng pangalawang pagsusuri kung kailangan niyang magpatuloy sa paggamot o kung siya ay walang impeksiyon at maaari nang tumigil sa pag-inom ng gamot.

Bakit hindi kailangan ng maagang pang-iwas na paggamot ng aking mas matandang anak na bata?

Mas malamang na hindi magkaroon ng mabilis na progreso sa malubhang sakit na TB ang mga mas matandang bata kumpara sa mga maliliit na bata at sanggol.

Mga potensiyal na hindi malubhang side effect:

- Hindi malubhang pagduduwal/pagsusuka/pananakit ng tiyan
- Pakiramdam na tinutusok o pamamanhid ng mga kamay o paa - maaaring magbigay ng reseta ang doktor ng iyong anak para sa bitamina B6 upang makatulong dito
- Pagtatae

Kailan dapat tawagan ang doktor ng iyong anak:

- Kung may pamamaga, pantal o paltos ang iyong anak sa anumang bahagi ng mukha o may kahirapan sa paghinga
- Kung naduduwal/nagsusuka ang iyong anak nang mahigit sa 24 na oras
- Kung napansin mong may paninilaw ng balat o ng puting bahagi ng mga mata ng iyong anak
- Kung nahihirapan ang iyong anak na makakita o tukuyin ang pagkakaiba ng mga kulay
- Kung mayroong hindi pangkaraniwang pagdudugo o pagkakaroon ng pasa ang iyong anak